



G6PD Deficiency

Ang Glucose-6-phosphate dehydrogenase deficiency o G6PD deficiency ay ang pinaka-karaniwang kakulangan ng enzyme sa buong mundo. Alamin ang mga impormasyon tungkol dito upang maprotektahan ang iyong sanggol

www.newbornscreening.ph

Newborn Screening Reference Center,

National Institutes of Health,
University of the Philippines Manila




ANO ANG G6PD DEFICIENCY?

%

Ayon sa pag-aaral, humigit-kumulang 400 milyong tao sa buong mundo ang kulang sa G6PD at sila ay kadalasang matatagpuan sa Aprika, at Timog-Silangan, Kanluran, at Timog-Kanlurang Asya. Sa Pilipinas, ayon sa datos ng Newborn Screening Reference Center mula 2004-2021, 1 sa 63 na sanggol ang may G6PD Deficiency.

Ang glucose-6-phosphate dehydrogenase deficiency (G6PD deficiency) ay ang pinaka-karaniwang kakulangan ng enzyme sa buong mundo. Ito ay isang kondisyong namamana, kung saan pagkapanganak ng sanggol ay hindi normal ang pagtugon ng kanyang katawan sa paggawa at pagtanggap ng mahahalagang sustansya para rito.




Kulang o walang enzyme na G6PD ang taong may G6PD Deficiency. Ang enzyme na ito ay isang klase ng protina na nagpapabilis sa mga reaksyong kemikal sa katawan ng tao. Ang G6PD ay napakahalaga sa red blood cells (RBCs) o pulang dugo. Ang kakulangan nito ay maaring magdulot ng mabilis na pagkasira ng RBCs.

Ano ang sanhi ng G6PD Deficiency?

Upang maunawaan ang dahilan ng kakulangan sa G6PD, mahalagang maintindihan ang tungkol sa genes at chromosomes.

Ang gene sa katawan ng isang tao ang nagdidikta kung paano nabubuo ang mga parte ng katawan. Ang mga ito ay nakapaloob sa mga chromosomes. Ang mga genes ay makikita nang dalawahan kung saan ang isa ay galing sa tatay at ang isa naman ay galing sa nanay.




Ang lahat ng normal na tao ay may 23 na pares ng chromosomes. Ang pang-23 na pares ay tinatawag na sex chromosomes. Ito ang nagtatakda kung ang sanggol ay magiging babae o lalaki. Mayroong dalawang uri ng sex chromosomes, ito ay X at Y. Ang mga babae ay may dalawang X samantalang ang mga lalaki naman ay may isang X at isang Y.

Ang gene na nag-utos kung paano gagawin ang enzyme na G6PD ay matatagpuan sa X chromosome kaya ang G6PD deficiency ay itinatawag na X-linked.



May dalawang uri
ng sex chromosomes,
X at Y.



ANG G6PD GENE


Kung ang isang sanggol na babae ay may isang depektibong gene ng G6PD galing sa sinuman sa kanyang mga magulang, hindi siya magkakaroon ng G6PD deficiency sapagkat may isa pa siyang X chromosome na maaaring gumawa ng enzyme na ito (tandaan, dalawa ang X chromosome ng babae). Ngunit kung nakakuha siya ng dalawang depektibong X chromosome sa parehong magulang niya, magkakaroon siya ng G6PD deficiency.




Sa kabilang banda, ang isang sanggol na lalaki na may isang depektibong gene ng G6PD ay siguradong magkakaroon ng G6PD deficiency sapagkat ang Y chromosome niya ay walang G6PD gene.

Ang isang depektibong G6PD gene ay magbibigay ng maling utos sa paggawa ng enzyme na G6PD. Dahil dito, kakaunti o walang magagawang enzyme na ito sa katawan ng tao.

Paano Namamana ang G6PD Deficiency



Legend: = nanay = tatay (X) = Defective gene (X)Y = Deficient, Symptomatic (X)(Y) = Deficient, Symptomatic (X)X = Deficient, Carrier



Ang G6PD ay may mahalagang tungkulin na ginagampanan sa pagtatanggol ng katawan laban sa mga bagay na maaaring magsanhi ng pagkasira ng ilang cells o ang tinatawag na oxidative substances. Ang G6PD enzyme ay matatagpuan sa halos lahat na parte ng katawan. Para makatiyak, karamihan ng mga bahagi ng katawan ay may "reserbang" enzyme na makakayang gawin ang trabaho ng G6PD kung sakali kulang ito sa katawan. Subalit, walang ganitong reserbang enzyme sa red blood cells. Kung kulang o walang G6PD na nagagawa sa katawan, walang ibang enzyme na maaaring magtanggol sa red blood cells laban sa mga mapanirang oxidative substances.

Anu-ano ang **MASASAMANG EPEKTO** ng G6PD Deficiency?

Ang isang sanggol na may G6PD deficiency ay mukhang malusog hangga't hindi pa siya nalalantad sa mga gamot, pagkain at kemikal na mataas ang oxidative substances. Kapag nangyayari ito, ang kanyang red blood cells ay nasisira sa prosesong tinatawag na hemolysis.

Ang red blood cells ang nagdadala ng oxygen sa lahat ng parte ng katawan; kapag nasira ito, ang sanggol ay magkakaroon ng hemolytic anemia at maaaring makaranas ng mga sumusunod: pamumutla, pagkahilo, pagsakit ng ulo, kulay-tsaan na ihi, at pagsakit ng likod o tiyan.

Ang hemolytic anemia, kung hahayaan, ay maaaring humantong sa kamatayan. Ang sirang red blood cells ay dinadala sa atay kung saan ito ay mas pinaliliit pa bago itapon ng katawan. Ang resulta nito ay tinatawag na bilirubin, isang madilaw na sangkap na naiimbak sa iba't ibang bahagi ng katawan. Kadalasan, ang bilirubin ay naiimbak sa balat kung saan ito ay maaaring magkulay dilaw. Sa malubhang

kasong ito, ang mga ito ay maaaring maimbak sa utak na maaaring maging sanhi ng mental retardation o kamatayan.

SAAN GALING ANG MGA OXIDATIVE SUBSTANCES?

Ang hemolysis ng red blood cells ay mangyayari lamang KUNG ang sanggol na kulang sa G6PD ay nalantad sa mga gamot, pagkain o kemikal na may oxidative substances. Ito ay maaari ring mangyari sa tuwing magkakaroon ng malulubhang impeksyon, tulad ng tipus (typhoid Fever), pulmonya (pneumonia) o pagpalya ng bato (kidney failure). **Mga gamot na malakas ang oxidative effect:**



1. antibiotics na sulfa group



2. Gamot para sa malaria



3. Ilang gamot para sa lagnat

Para sa mas detalyadong listahan ng mga gamot, pagkain, at inumin na may malakas na oxidative effect, tingnan ang pahina 9 at 10

Paano Ginagamot ang G6PD Deficiency?

Ang hemolytic crisis ay isang sitwasyon kung saan ang isang sanggol ay nagpapakita ng mga palatandaan at sintomas ng hemolytic anemia matapos makainom o makakain ng bagay na may oxidative substances. Kapag nangyayari ito, susubukan ng duktor o nars na agapan ang nasabing hemolytic crisis. Maaaring magsalin ng dugo o magbigay ng oxygen o Folic acid sa pasyente.

Ang tanging paraan upang malunasan ang G6PD deficiency ay gene therapy kung saan ang depektibong gene ay pinapalitan ng isang maayos na gene, ngunit wala pang ganitong proseso sa kasalukuyan.



Hindi sumailalim sa newborn screening ang aking anak. Paano ko malalaman kung sya ay may G6PD Deficiency?

Ipasuri ang inyong anak sa inyong duktor. Kung lumipas na ang itinagubilin na oras upang gawin ang newborn screening, maaari na siyang isailalim sa G6PD confirmatory test. Nasa pagsusuri ng inyong duktor kung kinakailangang sumangguni sa espesyalista (hal. endocrinologist, metabolic geneticist, hematologist, pulmonologist) upang matukoy ang ibang sakit na kabilang sa newborn screening.

Bilang isang magulang, anu-ano ang dapat gawin upang MAIWASAN ang isang HEMOLYTIC CRISIS?

- 1** Ipagbigay-alam sa pediatrician na ang inyong anak na mayroong G6PD deficiency. Ito ay mahalaga upang maiwasan ang pagreseta ng gamot na makasama sa inyong anak. Makatutulong din ito upang subaybayan ng duktor ang pasyente sa anumang sintomas o reaksyon ng sanggol laban sa gamot na inireseta.
- 2** Itago ang brochure na ito na naglalaman ng mga pagkain, gamot, inumin na may oxidative substances sa lugar na madaling mahanap o makita. Mas mahusay rin kung ito ay nakalagay sa kusina upang madaling masuri ang mga ipinalinom na gamot o ibinibigay na pagkain o inumin sa inyong anak.
- 3** Tandaan ang mga palatandaan at sintomas ng hemolytic anemia: pamumutla, pagkahilo, pagsakit ng ulo, hirap sa paghinga, mabilis at malakas na pagtibok ng puso, kulay-tsaa na ihi at pagsakit ng likod at tiyan. Dalhin kaagad ang inyong anak sa duktor kapag siya ay nakitaan ng mga sintomas na ito.
- 4** Huwag ipagsawalang-bahala ang impeksyon. Ang pabalik-balik na lagnat ay maaaring hudyat ng isang impeksyon. Dalhin kaagad ang inyong anak sa pediatrician sa mga ganitong sitwasyon.
- 5** Habang tumatanda ang inyong anak, ipaalam sa kanya ang kanyang kondisyon at turuan siyang maging maingat sa kanyang mga kinakain at iniinom.

FAQs

Ang aking anak ay may G6PD Deficiency at ako ay lubos na nababahala. May mali ba akong ginawa noong ako ay nagbubuntis pa lamang? May ginawa ba dapat ako upang maiwasan ito?

Ang G6PD Deficiency ay kundisyon na may kinalaman sa gene at ito ay hindi maiiwasan.

Ang aking panganay na anak ay may G6PD Deficiency. Ang susunod ko bang magiging anak ay maaari ding magkaroon ng parehong kundisyon?

Kung mayroon kayong anak na may G6PD Deficiency, ang susunod ninyong anak ay maaari ding magkaroon nito. Kung kaya't ipinapayo na ipa-newborn screening ang inyong mga anak.

Kahit nagpositibo sa Newborn Screening Test, maaari ba na maging negatibo ang resulta ng G6PD confirmatory test?

Oo. Kung negatibo ang resulta ng pagsusuri na ito, wala na kayong dapat ipangamba ukol sa mga ipinagbabawal na gamot, kemikal, at pagkain sa mga taong may G6PD Deficiency. Kung positibo, ipaalam kaagad sa inyong duktor ang tungkol dito.

Maaari din bang magpa-G6PD confirmatory test ang mga magulang upang malaman kung kami ay may kakulangan o walang G6PD?

Maaari itong hilingin sa mga G6PD Confirmatory Centers. Subalit sa pagsusuring ito, tanging mga lalaki lamang na may G6PD Deficiency at mga babaeng may dalawang depektibong gene ng G6PD ang maaaring matukoy. Ang mga babae na may isa lamang depektibong gene ng G6PD ay hindi kayang matukoy ng ganitong pagsusuri.

Pinaghahandaan ko ang aking pagbubuntis. Kailangan ko bang magpa-G6PD confirmatory test?

Maaari ngunit kailangan tandaan na ang pagkakaroon ng G6PD Deficiency ay nakasasalay sa inyong mag-asawa. Higit na ipinapayo na isailalim na lamang ang inyong anak sa newborn screening makalipas ang 24 oras pagkapanganak.

Saan maaring magpa-confirmatory test?

Sa kasalukuyan, may tatlo munit isang G6PD

Confirmatory Centers sa bansa. Bisitahin po ang www.newbornscreening.ph upang makita ang listahan nito kasama ang mga numero na maaari nyong tawagan.

Ligtas ba na bigyan ng Formula milk ang aking anak na may G6PD Deficiency?

Bagaman ang soya at soy lecithin ay kabilang sa listahan ng mga bawal sa mga may taong may G6PD Deficiency, maraming produkto ang nagtataglay ng napakaliit na kabuuang dami ng soya kabilang ang karaniwang Formula milk. Wala pang ulat na nag-uugnay sa pag-inom ng Formula milk sa hemolysis o pagkasira ng ilang cells. Tandaan na ang soy lecithin ay isa lamang sa mahalagang sangkap ng gatas. PAALALA: Ang gatas ng ina ang pinakamabuti para sa bata hanggang 2 taon at higit pa. Ito ay mas makabubuti sa sanggol at inang nagpapasuso.

Ako ay nagpapasuso sa aking anak na may G6PD Deficiency. Noong hindi pa lumalabas ang resulta ng confirmatory test, kumain ako ng mga pagkain ng ipinagbabawal sa kanya. May epekto ba ito sa aking anak?

Maaaring maipasa ang mga pagkain at kemikal sa gatas ng ina. Ngunit kung ang inyong anak ay hindi nagkaroon ng hemolysis o pagkasira ng ilang cells, maaaring maliit na bahagi lamang ang naipasa sa pamamagitan ng gatas kung kaya't ito ay hindi nagkaroon ng makabuluhang epekto sa inyong anak.

Maaari bang magbigay ng dugo ang taong may G6PD Deficiency?

Oo, walang polisiya na nagbabawal upang magbigay ng dugo ang taong may kakulangan sa G6PD.

Naipapasa ba ang G6PD Deficiency sa pagsasalin ng dugo?

Hindi.

Paano ko mapapanatiling malusog ang aking anak kung ang vitamins ay kabilang sa mga ipinagbabawal sa taong may G6PD Deficiency?

Hindi ipinagbabawal ang lahat ng vitamins. Ang vitamin C o ascorbic acid ay maaaring ibigay batay sa inirekomendang dosis ng inyong duktor. Ang multivitamins ay nagbibigay ng karagdagang nutrisyon, NGUNIT hindi ito mahusay na pampalit sa sustansyang natural na nakukuha sa mga sariwang pagkain.

Maaari bang kumain ng tsokolate na may soya ang taong may G6PD Deficiency?

Bagaman ang soya ay kabilang sa listahan na ipinagbabawal sa taong may G6PD Deficiency, maraming mga produkto ang naglalaman ng maliit

na halaga ng soya. Maliban sa Fava bean na nababalutan ng tsokolate, maaari itong kainin ng taong may G6PD DeAcieny. Basahin nang mabuti ang label ng bawat produkto.

Ligtas bang ipakain sa kanila ang dahon ng malunggay? Nabasa ko sa isang website na ito ay bawal sa taong may G6PD Deficiency?

Hangga't wala ito sa opisyal na listahan ng NIH para sa mga pagkaing dapat iwasan, walang dahilan para ipagbawal ang malunggay sa pasyenteng may G6PD.

May ubo at sipon ang aking anak na may G6PD Deficiency, ligtas ba ang oregano para sa kanya?

Dahil wala ang oregano sa listahan na ito, maaari itong ibigay sa inyong anak. Gayunman, kailangan maging maingat sa pagbibigay ng gawang komersyal na halamang—gamot sapagkat maaari itong naglalaman ng ibang nakatagong kemikal. Ang ubo at sipon ay kadalasang gumagaling sa pag-inom ng maraming tubig. Kung nanatili o lumala ang mga sintomas, kumonsulta sa inyong doktor.

Ligtas ba para sa mga sanggol na may G6PD Deficiency ang cereals?

Wala pang ulat na nag-uugnay ng pagkain ng cereals sa hemolysis o pagkasira ng ilang cells (eg Cerelac). Ang mga ito ay naglalaman lamang ng maliit na halaga ng soya.

Ligtas ba ang insect repellent para sa mga sanggol na may G6PD Deficiency?

Mayroong mga organic insect repellent na maaaring mas komportable kayong gamitin. Kung walang mabilhan nito, maaaring ilagay o i-spray sa damit ng inyong anak ang gawang-komersyal na mga insect repellent.

Ano ang toothpaste na ligtas para sa mga sanggol na may G6PD Deficiency?

Ang dami ng menthol na mayroon ang karaniwang toothpaste ay hindi pa naging sanhi ng hemolysis o pagkasira ng ilang cells.

Maaari ba silang kumain ng blueberries? Sa ibang bansa, ito ay kabilang sa ipinagbabawal na pagkain sa taong may G6PD Deficiency.

Hindi kabilang ang blueberries sa listahan sa Pilipinas ngunit kung mayroong pagkalito ukol dito, maaari itong iwasan habang wala pang lokal na pag-aaral na magpapakita na ito ay ligtas para sa taong may G6PD Deficiency. Tandaan na ang mga taong may G6PD Deficiency ay hindi pare-pareho sa buong mundo dahil sa pagkakaiba ng mutations at iba pang mga katangian. May ilan na magkakaroon ng reaksiyon sa

mga ipinagbabawal at mayroon namang hindi.

Ano ang mga palatandaan ng hemolysis o pagkasira ng cells?

Kabilang sa mga senyales ng hemolysis ay ang pagkakaroon ng kulay tsaang ihi, pamumutla ng mga mata at balat, panghihina ng katawan, at ang pagiging iritable. Dalhin kaagad ang inyong anak sa duktor kapag siya ay nakitaan ng mga sintomas na ito. Hilingin na isagawa ang CBC upang matiyak kung mayroon anemia ang inyong anak.

Ang aking anak ay nagsusuka, nagtatae, walang ganang kumain, at bahagyang kulay-tsaang ihi. Ano ang dapat kong gawin?

Dalhin kaagad ang inyong anak sa duktor upang masuri. Ipasagawa ang CBC, APC, at urinalysis. Tingnan din ang urine hemoglobin.

Mayroon na bang naiulat na kaso ng hemolysis o pagkasira ng cells sa Pilipinas kaugnay ng G6PD Deficiency? Ano ang kadalasang dahilan nito?

Opo, mayroon nang naitalang mga kaso ng pagdanas sa hemolysis mula sa mga pasyenteng may G6PD. Mayroon na ding mga humihingi ng tulong o serbisyo na kaugnay nito sa PhilHealth. Sa Philippine Children's Medical Center ang mga naitalang sanhi ng hemolysis ay impeksyon (Flu, hepatitis) at pagkalantad sa moth balls. Sa kabutihang-palad, wala pa sa mga pasyente ang namatay sa malubhang anemia. Agad silang nadala sa ospital nang makitaan ng palatandaan ng hemolysis.

Maaari bang maiba ang resulta ng confirmatory test kung sakaling ulitin namin ito?

Kung mayroong pagdududa ang magulang o pamilya sa resulta ng confirmatory test, maaari itong ipaulit. Kung ang resulta ay mabababa sa hangganan (borderline), maaaring katulad na resulta din ang lalabas ng pangalawang test.

Bilang nanay, maaari ba akong gumamit ng mga produktong may mentol?

Hindi ipinapayo ng paggamit ng produktong may mentol at camphor kung ang layunin nito ay mabawasan o mawala ang anumang sakit. Ang mga produkto ito ay naglalayon lamang na ilihis ang inyong pansin malayo sa masakit na bahagi ng katawan. Mas mainam na malaman ang totoong sanhi ng sakit o pagkabalisa sa pamamagitan ng pagkonsulta sa inyong duktor.

Ipinagbabawal ba ang vaccination sa taong may G6PD deficiency?

Hindi.

MGA GAMOT NA DAPAT IWASAN

As of January 2021

A. Antibacterial

*Nalidixic acid

Nitrofuran

1. Nitrofurantoin
2. Furazolidone
3. Nitrofurazone / nitrofurural

(Common Brand Names: Macrochantin
Diafuran, Diapectolin, Furoxone, Furacin)

*P-aminosalicylic acid

B. Analgesic/ Antipyretic

*Acetanilid

C. Anthelmintic

*B-naphthol

*Niridazole

*Stibophan

D. Sulfonamides and Sulphones

Dapsone (Common Brand Name: Lepravir)

*Glucosulphone sodium

Glyburide/Glibenclamide (Common Brand
Name: Euglucon, Gluban, Lodulce, Orabetic)

*Mafenide acetate

*Salicylazosulphapyridine/Sulfasalazine

Stibophen (Common Brand Name:
2-(2-Oxido-3,5-Disulphonatophenoxy)-1,3,2,
Benzodioxastibole-4-6-Disulphonate)

*Sulphadimidine

*Sulphafurazone

Sulphamethazole/Sulfamethazole

(Common Brand Name: Bacidal, Bactille Forte,
Bactrim, Bacxal, DLI Cotrimoxazole, Forteprim,
Globaxol, Pharex Cotrimoxazole, Ritemed
Cotrimoxazole, Septrin, Trim S)

Sulphanilamide/ Sulfanilamide

Sulphapyridine

*Sulphoxone/ Sulfoxone

Sulfasalazine, Salazosulphapyridine

(Common Brand Name: Salazopyrin)

E. Antimalarials

Chloroquine

(Common Brand Name: Aralen, Chlorofoz)

*Pamaquine

Primaquine

Pentaquine

F. Miscellaneous

Acetylphenylhydrazine

Dimercaprol

Futamide

Isobutyl nitrate

Mepacrine

Phenazopyridine (Common Brand Name: Azomir)

Probenecid

Thiazolesulfone

Urate oxidase/ Rasburicase

Maaaring bisitahin ang www.newbornscreening.ph upang alamin kung may bagong karagdagan sa mga listahan

MGA GAMOT NA MAAARING INUMIN BATAY SA THERAPEUTIC DOSES

Acetaminophen (Paracetamol, tylenol)

Acetophenetidin/ phenacin

Aspirin/ Acetylsalicylic acid (Alka-seltzer, Aspilets, Cor-80, Cortal)

Ascorbic acid

Chloramphenicol (Chlormycetin, Chloro-S, Chlorsig, Klorfen,
Oliphenicol, Optomycin, Pediachlor, Penachlor Speradex)

Ciprofloxacin (Ciprobay, Clpromax, Cipromet, Qinosyn-500, Quilox, Xipro)

Diphenhydramine

Isoniazid

Phenytoin

Quinidine

**Vitamin K analogues/Phytomenadione

(Hema-K, Konaktion MM, Phil Pharmawealth/Atlantic Phytomenadione)

TANDAAN:


*Hindi mabibili
sa Pilipinas

**Tinatunaw sa
tubig








MAHAHALAGANG PAALALA PARA SA MGA PASYENTENG MAY G6PD

1. Iwasan ang pagkonsumo sa mga nakalistang gamot at kemikal.
2. Kung ikaw ay may ubo, sipon, o iba pang impeksyon mula sa bacteria o virus, siguraduhing ipaalam sa iyong doktor na ikaw ay may G6PD Deficiency.
3. Kung ikaw ay kumain o gumamit ng medikasyon at ang iyong ihi ay naging kulay tsa, ipagbigay alam agad ito sa iyong doktor.
4. Kung naninilaw ang iyong balat o kahit anong parte ng iyong katawan, kumonsulta agad sa doktor.







MGA KEMIKAL

- | | |
|---|---|
|  Methylene Blue |  Toluidine blue |
|  Arsine |  Trinitrotoluene |
|  Phenylhydrazine |  Aniline dyes |

MGA PAGKAIN AT INUMIN

-  Fava beans (Dingdong nuts, Mr. Bean)
-  Red wine
-  Legumes (Abitsuelas, Garbanzos, Kadyos, Munggo)
-  Blueberry
-  Soya food (Taho, Tokwa, Soy Sauce)
-  Tonic water
-  Bitter melon/ampalaya

AT IBA PA

-  Menthol (Alaxan Gel, Ben-gay, Efficascent Oil, Listerine Mouthwash, Listerine Pocketpacks Megascent Oil, Mentopas Medicated, Plaster, Omega Pain Killer)
-  Camphor (Liniments)
-  Naphthalene (Moth balls)
-  Parabenzenedichloride / dichlorobenzene (Toilet deodorizer)
-  Henna
-  Herbs (Cattle gallstone bezoar, Honeysuckle flower, Chimonanathus flower, 100% pearl powder Figwortflower, Acalypha indica)

G6PD Confirmatory Centers



As of Aug 2023

CENTER

ADDRESS

CONTACT

CAR

1	Baguio General Hospital and Medical Center	Gov Pack Rd., 2600 Baguio City	09332003296
---	---	--------------------------------	-------------

REGION 1

2	Ilocos Training and Regional Medical Center	Parian, San Fernando City, La Union	09778108778
3	Mariano Marcos Memorial Hospital & Medical Center	Brgy. 6, San Julian City of Batac, Ilocos Norte	(077) 600 8000
4	Region 1 Medical Center	Arellano Street, Poblacion Oeste Dagupan City	(075) 515-8916

REGION 2

5	Cagayan Valley Medical Center	#2 Dalan na Pagayaya Carig Sur, Tuguegarao City	(078) 302 0000
---	--------------------------------------	---	----------------

REGION 3

6	Angeles University Foundation Medical Center	Mac Arthur Hi-way, Angeles City	09562943730
7	Bataan General Hospital and Medical Center	Manahan St., Tenejero, Balanga City	(047) 237-1275 loc 6704

REGION 4-A

8	Lipa Medix Medical Center	J.P. Laurel Highway, Balintawak, Lipa City	09338526522; 09611191788
9	University of Perpetual Help Dr. Jose G. Tamayo Medical Center- Binan (Perpetual Help Medical Center-Biñan)	National Highway, Sto. Niño, Biñan City, Laguna	(02) 8779 5310; (049) 544 5150 loc 2033

G6PD Confirmatory Centers



As of Aug 2023

	CENTER	ADDRESS	CONTACT
10	St. Anne General Hospital	P. Gomez Ext., Red-V, Ibabang Dupay, Lucena City, Quezon	09228985922; (042) 7103506; 7102218

REGION 4-B

11	Palawan Medical Mission Group Multipurpose Cooperative	Corner Burgos & Mabini Sts., Puerto Princesa City, Palawan	09989565102
----	---	--	-------------

NCR

12	Manila Central University-Dr. Filemon D. Tanchoco Sr. Medical Foundation, Inc.(MCU-FDTMF, INC.)	Samson Road, EDSA, Caloocan City	(02) 8363 3084
13	Our Lady of Lourdes Hospital	46 P. Sanchez St., Sta Mesa Manila	(02) 8716 3901 loc 3399/3396/3397; 09218528516
14	The Medical City	Ortigas Avenue, Pasig City, Metro Manila	(02) 8988 1000 loc 6125; 8635-6789 loc 6125
15	University of Perpetual Help Dalta Medical Center	#2 Dalan na Pagayaya Carig Sur, Tuguegarao City	(02) 8874 8515 loc 153; 88748515 loc 151

REGION 5

16	Bicol Regional Training and Teaching Hospital	Rizal St. Legazpi City Albay	(052) 483 1088; 483 0806
17	Bicol Region General Hospital and Geriatric Medical Center	San Pedro, Cabusao, Camarines Sur	09637045263

REGION 6

18	West Visayas State University Medical Center	E. Lopez St., Jaro, Iloilo City	(033) 320 2431 loc 108/138
19	Dr. Pablo O. Torre Memorial Hospital	B.S. Aquino Drive, Bacolod City 6100, Negros Occidental	09988460620

G6PD Confirmatory Centers



As of Aug 2023

CENTER

ADDRESS

CONTACT

REGION 7

20	Cebu Doctors' University Hospital	Osmeria Boulevard Capitol Site, Cebu City 6000	(032) 255 5555
21	Gov. Celestino Gallares Memorial Hospital	M. Parras St., Tagbilaran City, Bohol	(038) 411 4868; 411 4869
22	Silliman University Medical Center	V. Aldecoa, Daro, Dumaguete City, 6200	09453902877

REGION 8

23	Eastern Visayas Regional Medical Center	Brgy. Bacagay, Tacloban City	(053) 833 5309; 09771178444
----	--	------------------------------	--------------------------------

REGION 9

24	Brent Hospital	R.T. Lim Blvd. Zamboanga City	09953273022
----	-----------------------	-------------------------------	-------------

REGION 10

25	Cagayan De Oro Polymedic Medical Plaza	Kauswagan Highway, Cagayan De Oro City	09173051163, 09688523615
26	La Vina General Hospital	L. Alkulro St. Valencia City, Bukidnon	09976058050
27	Mayor Hilarion A. Ramiro Sr. Medical Center	Maningcol, Ozamiz City	(088) 521 0440

REGION 11

28	Tagum Doctors Hospital	Highway SA Rabe Subd., Tagum City	09195451830
29	Davao Medical School Foundation Hospital	DMSF Drive, Bajada, Davao City	09266887834

REGION 12

30	General Santos Doctors Hospital	National Highway, General Santos City	09338162793
31	Kidapawan Doctors Hospital	Quezon Blvd. Kidapawan City	09237234746

G6PD

IMPORMASYON TUNGKOL SA GLUCOSE-6-PHOSPHATE
DEHYDROGENASE DEFICIENCY

Inilathala ng
NEWBORN SCREENING REFERENCE CENTER

National Institutes of Health
University of the Philippines Manila
Unit 304 New Gold Bond Building
1579 F. T. Benitez, Malate, Manila
TL (+632) 8-247-6002/ 06
Fax (+632) 8-247-6008
Mobile (0920) 914 2687
E-mail: info@newbornscreening.ph
Website: www.newbornscreening.ph

Bersyon:

Agosto 2023



PhilHealth
Your Partner in Health

